

# Quick DASH

## Ang Pag-iskor sa Quick DASH

Ang *Quick* DASH ay maaring itala (iskor) sa pamamagitan ng dalawang bahagi: ang kakayahan/nararamdaman na seksyon (11 item, na may iskor na 1 – 5) at ang opsiyonal na paglalaro/pagtugtog ng instrumento at sa pagtatrabaho (4 item, na may iskor na 1-5).

### Kakayahan/Nararamdaman na Iskor

Dapat masagutan ng 10 tanong sa 11 tanong para makumpleto at makapagtala ng iskor. Pagsasamahin ang katumbas na puntos ng bawat sagot at idi-divide sa apat (bilang ng tanong), babawasan (minus) ng 1 at imu-multiply sa 25 upang makakuha ng puntos na nasa 100%. Ang huling puntos ay may maitatala na 0 – 100. Ang mas mataas na iskor ay nagsasaad na mas malaking disabilidad.

$$= \left( \left[ \frac{\text{kabuuan ng } n \text{ tugon}}{n} \right] - 1 \right) \times 25,$$

Kung saan ang  $n$  ay ang numero ng mga kumpletong sagot o nasagutang tanong.

### Pag-iskor ng Opsiyonal na Modules: Paglalaro / Pagtugtog o Pagtatrabaho

Ang dalawang opsiyonal na modules ay may apat na tanong bawat isa. Itong mga katanungang ito ay para sa mga atleta, mga performing artists at mga manggagawa na kung saan ang kanilang mga trabaho ay kinakailangang mataas na lebel ng pisikal na pagsasagawa.

Pagsasamahin ang katumbas na puntos ng bawat sagot at idi-divide sa apat (bilang ng tanong), babawasan (minus) ng 1 at imu-multiply sa 25 upang makakuha ng puntos na nasa 100%. Hindi makakakuha ng score sa opsiyonal na module kapag hindi nasagutan ang lahat na tanong.

### Mga Hindi Nasagutan

Kapag hihigit sa 10% ng mga tanong ang hindi nasagutan (kapag hihigit sa isang tanong ang hindi nasagutan), hindi maaring maitala ang iskor para ma-compute ang *Quick* DASH.

Sa mga opsiyonal na modules, lahat ng tanong ay dapat masagutan upang makapagtala ng iskor.

All rights reserved. Filipino (PHIL DASH) translation

Courtesy of:

Dr. Emmanuel P. Estrella

Dr. Nathaniel S. Orillaza, Jr.

Section of Hand and Reconstructive Microsurgery

Department of Orthopedics

University of the Philippines, Manila

Manila, PHILIPPINES



Institute  
for Work &  
Health

Research Excellence  
Advancing Employee  
Health